

# Ang Sakit na Ebola Virus

24 Abril 2020

## Mga Kadahilanan

Ang sakit na Ebola virus Disease (EVD; dating kilala bilang Ebola haemorrhagic fever) ay sanhi ng impeksiyon ng Ebola virus na nabibilang sa pamilya ng *Filoviridae*. Ang EVD sa tao ay may kabuuang gradong kaso ng kamatayan ng 50% (mula sa 25% hanggang 90% ng dating mga kaso).

Ang EVD ay unang lumitaw nung 1976 sa South Sudan at sa Demokratikong Republika ng Congo, kung saan ang huli ay sa isang nayon na nakatayo malapit sa ilog ng Ebola, kung saan kinuha ang pangalan ng sakit. Ang sakit na ito ay nag tuluy tuloy simula noon. Ang mga kumpirmadong kaso ng EVD ay nareport sa mga nasasakupan ng Saharan Africa kasama na ang Demokratikong Republika ng Congo, Gabon, South Sudan, Cote D'Ivoire, Uganda at Congo.

Ang pagsiklab ng EVD sa West Africa na naganap mula Marso 2014 hanggang Enero 2016 ang pinaka malaking pagsiklab mula ng unang madiskubre ang Ebola virus nuong 1976. Apektado nito ang Guinea, Liberia, at Sierra Leone. Nung Agosto ng 2018, may naiulat ng pagsiklab ng Ebola sa Demokratikong Republika ng Congo, na may mahigit 3000 kaso ang naiulat sa buwan ng Oktubre 2019.

## Klinikal na Kaanyuhan

Ang EVD ay isang malalang sakit na karaniwang inilalarawan ng biglaang lagnat, matinding panghihina ng katawan, pananakit ng kalamnan, sakit ng ulo at pamamaga ng lalamunan. Masusundan ito ng pagsusuka, pagtatae, pagkakaroon ng mga pantal, ang pagkasira at hindi paggana ng bato at atay at sa ibang kaso, ay pagkakaroon ng mga pagdurugo sa loob at labas ng katawan.

## Paraan ng Pagpapasa

Ang Ebola Virus ay unang ipinakilala sa mga tao sa pamamagitan ng direktang interaksyon sa dugo, mga likidong inilalabas ng tao, mga lamang loob o ibang likido ng katawan ng mga hayop na may impeksiyon. Ang ibang mga paniki ay kinokonsiderang syang pinanggalingan ng Ebola Virus. Sa Africa, naitala na ang impeksiyon ay galing sa mga chimpanzee, gorilya, mga paniki, unggoy, antilope at mga porcupine na nakitang mga may sakit at nangamatay sa gubat.

Kumalat ito sa publiko sa pamamagitan ng tao sa tao, kung saan ang mga may impeksiyon nakitang nagresulta sa direktang interaksyon (sa pamamagitan ng mga sugat sa balat) sa dugo, mga katas, mga bahagi ng katawan o likido ng katawan ng mga taong may impeksiyon, at ang hindi direktahang interaksyon sa kapaligiran na kontaminado ng mga likido.

Ang isang tao ay mananatiling may impeksiyon habang ang kanilang dugo at likido ay mayroong virus. Sa mga seremonyas ng libing, ang mga nakikipaglamay na may direktang interaksyon sa katawan ng namatay ay maari ring maging sanhi upang makakuha ng EVD. Ang mga kawani ng kalusugan sa mga bansang apektado ay kadalasang nahahawa sa pamamagitan ng direktang pakikisalamuha sa mga pasyenteng may sakit na EVD kung hindi magsasagawa ng mga pag iingat ukol dito. Ang mga sample ng likido mula sa mga pasyente ay biohazardous at ang mga pananaliksik dito ay dapat gawin sa ilalim ng tamang kondisyon ng pagkakaloob ng byolohikal na kondisyon.

Kahit madalang, ang pagpapasa ng Ebola virus sa pamamagitan ng pagtatalik ay naitala rin. Ayon sa mga kasalukuyang ebidensya, inirerekomenda ng Pandaigdigang Organisasyon ng Kalusugan (WHO) na ang mga gumaling sa EVD at ang kanilang mga kasiping ay dapat na iwasang ang kahit anong paraan ng pakikipagtalik, o panatilihin ang ligtas na paraan ng pakikipagtalik sa pamamagitan ng pag gamit ng condom sa loob ng 12 buwan mula ng huling makitaan ng sintomas o hanggang sa mag negatibo ng 2 beses sa semen test para sa Ebola virus.

## **Tagal ng Pananatili**

Ito ay nagtatagal sa loob ng 2 hanggang 21 araw.

## **Pangangasiwa**

Walang kasiguruhang gamot para sa sakit na ito.

Ang mga pasyente ay kinakailangang nasa nakabukod na pasilidad upang maiwasan ang pagkalat ng sakit. Ang mga pasyente nay may malulubhang karamdaman ay kinakailangang ng masidhing pangangalaga. Karaniwang natutuyuan ang mga pasyente ng likido kaya't kinakailangan ang pag inom ng tubig o kaya ay ang pagdaloy ng tubig sa pamamagitan ng mga ugat.

Ang mga kawani ng kalusugan ay kinakailangang magsuot ng proteksiyon o PPE at pantilihin ang striktong pagkontrol at pag iingat.

Mga Hakbang sa pangangalaga ng mga pasyenteng pinaghihinalang may sakit.

## **Pagiingat**

Sa kasalukuyan ay walang rehistradong bakuna para sa EVD sa Hongkong. Ang bakuna sa Ebola, na tinatawag na rVSV-ZEBOV, ay ipinakitang may mataas na potensyal para maprotektahan laban sa nakamamatay na virus ayon sa malakihang pagsubok na pinangunahan ng WHO sa Guinea noong 2015.

Upang maiwasan ang impeksiyon, importante para sa mga manlalakbay na pupunta sa mga lugar na apektado ang pananatili ng mga sumusunod:

- Palaging paglilinis ng mga kamay ng madalas, lalo na tuwing bago at pagkatapos hipuin ang bibig, ilong at mata; bago kumain; pagkatapos gumamit ng palikuran, pagkatapos humawak ng mga pampublikong kagamitan tulad ng mga hawakan at pintuan; o kung ang mga kamay ay kontaminado ng mga likidong mula sa pag-ubo at pag-bahing. Hugasan ang kamay gamit ang sabon at tubig, kuskusin sa loob ng 20 segundo. Pagkatapos ay banlawan ng tubig at tuyuin ng malinis na tuwalya o tisyu. Kung walang paghuhugasan ng mga kamay, at hindi naman narumihan ito ay maaring gumamit ng 70-80% na alkohol sa kamay bilang epektibong alternatibo.
- Iwasan lumapit sa mga may lagnat o may sakit na tao, iwasan din ang madikit sa mga dugo at likido ng mga pasyente o mga gamit na kontaminado ng dugo at likido ng mga pasyente.
- Iwasan makisalamuha sa mga hayop
- Lutuin maigi ang mga pagkain bago kainin
- Ang mga manlalakbay ay dapat na humingi ng medikal na opinyon kung magkakasakit sa loob ng 21 araw pagkatapos bumalik mula sa lugar na apektado at sabihin sa doktor ang paglalakbay na ginawa at pinuntahan.